The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church Vol. 14 • Issue No. 13 • April 12, 2026 Php 15.00

VOICE OF THE VISION

*As the Lord draw us to Him and as we know Christ in our lives, our hearts desire to serve Him obediently and faithfully. We praise Him for the ministries He opened, where each child may express their love for the Lord, all for the glory of God.*




# Faith and Hope in Christ

**John 14:1, 6 (NKJV)**
[1]“Let not your heart be troubled; you believe in God, believe also in Me.
[6]Jesus said to him, “I am the way, the truth, and the life. No one comes to the Father except through Me.

## Introduction

Faith and hope in Christ will comfort your troubled heart. Faith is only as good as its object. Trusting in a faulty airplane won’t make it fly! But since Jesus is who He claimed to be and who all of Scripture proclaims Him to be, the Christ and the Son of the living God, then He is trustworthy in every trial that you encounter.

**Matthew 16:15-16**
[15]He said to them, “But who do you say that I am?” [16]Simon Peter answered and said, “You are the Christ, the Son of the living God.”

Anyone who believes (faith) in Jesus not only has a relationship with God but also receives eternal life.

As part of God’s family, God’s Spirit comes to live inside of us. The Holy Spirit:
- gives us the abundance of life
- enables us to live a life that pleases God our Father
- changes the way we think and feel to be more like Christ

Jesus affirms to us that seeing Him is the same as seeing the Father. You cannot separate faith in God from faith in Jesus. And since Jesus is the eternal Son of God, who created all things, and who was in control over all the events surrounding His death, then we can trust Him in whatever overwhelming circumstances we are facing. Nothing is too difficult for Him.

**John 14:7-9**
[7]“If you had known Me, you would have known My Father also; and from now on you know Him and have seen Him.” [8]Philip said to Him, “Lord, show us the Father, and it is sufficient for us.” [9]Jesus said to him, “Have I been with you so long, and yet you have not known Me, Philip? He who has seen Me has seen the Father; so how can you say, ‘Show us the Father’?

### A. Jesus is the (only) Way.

**John 14:6**
Jesus said to him, “I am the way, the truth, and the life. No one comes to the Father except through Me.

Jesus doesn’t say, “I know the way to heaven, and I can point you to it.” Rather, He says, “I am the way.”

- The Light of the World
**John 8:12**
Then Jesus spoke to them again, saying, “I am the light of the world. He who follows Me shall not walk in darkness, but have the light of life.”

He allowed us to walk and have the light of life.

- The Door for the Sheep
**John 10:9**
I am the door. If anyone enters by Me, he will be saved, and will go in and out and find pasture.

There are safety and abundance in Jesus.

### B. Jesus is the (only) Truth.

Jesus also said, “I am the truth.” Again, He did not say, “I can teach you the truth.” He said, “I am the truth.” In this context, He means not only that He is totally dependable, but also that He Himself is the only true way of salvation.

Since Jesus is about to leave, He promised to send His Spirit to us.

*continue on page 12 >>*


**Rev. Dr. James C. Sy**
*Administrative Pastor*

UCF FAMILY CAMP 2026

# PAMILYANG IPINAGBUKLOD ng pag-ibig ng Diyos




Dahil sa pabor ng Diyos at pagsama ng Banal na Espiritu Santo ay matagumpay na isinagawa ng United Christian Fellowship (UCF) ang kinapapanabikang Family Camp 2026 sa UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center noong Abril 2-5, 2026.

Apat na araw na puno ng pagpupuri sa Diyos, pagninilay sa katotohanan ng Kaniyang Salita, at pagbabad sa presensiya ng Diyos ang naranasan ng buong pamilya ng UCF. Bilang isang pamilyang ipinagbuklod ng tawag at pagmamahal ng Diyos ay nagkaisa ang lahat, hindi lamang sa pagpupuri, kung hindi maging sa pagdiskubre at paghuhusay ng kanilang kakayahan nang may hangaring makapaglingkod sa Diyos.

Tunay na hanggang sa kanilang pag-uwi ay baun-baon nila ang kanilang panibagong karanasan sa Diyos—karanasang mas nagpatibay sa kanilang pananampalataya at pag-ibig sa Kaniya.







*Sa pagsisimula pa lamang ng gawain ay nananabik na ang lahat sa presensiya ng Diyos. Tunay na wala nang mas sasaya pa sa piling Niya.*

## MORNING PRAISE AND WORSHIP

Sa bawat umaga ay binubuksan ang programa sa pagpupuri sa Diyos na Siyang sentro ng bawat gawain. Sama-samang nagpuri, umawit at umindak ang bawat isa sa mga masasayang awitin ng pagsamba sa Diyos.





*Ipinararanas naman ng Diyos ang Kaniyang presensiya habang nagpupuri at nagpapasalamat ang Kaniyang mga anak sa panambahan ng UCF. Walang kapantay na kagalakan sa puso ang nararanasan ng mga kaluluwang natagpuan ng Panginoon.*

**Ephesians 1:3-5 (NKJV)**

***Blessed be the God and Father of our Lord Jesus Christ, who has blessed us with every spiritual blessing in the heavenly places in Christ,***



# REVIVAL NIGHT

Kasabay ng paglalim ng bawat gabi ang pagbabad din ng mga mananampalataya sa presensiya ng Diyos. Sa pagkilos ng Banal na Espiritu ay muli nilang idineklara ang kanilang pagmamahal at pangakong pagsunod sa kalooban ng Diyos.












*Nababalot ng kagalakan at kapayapaan na nagmumula sa Diyos ang puso ng bawat kaluluwang napuno ng presensiya ng Diyos.*



*Ang mga anak ng Diyos ay tunay na pinalaya ng Panginoon—pinalaya sa kalungkutan, kasalanan at maging sa iba't ibang sakit, kaya naman malaya din ang bawat isang umawit, sumayaw, pumalakpak at lumundag ng may kagalakan at pagpupuri kay Hesus.*

Tanging kay Hesus lamang ang buhay, kalakasan, at kalayaan. Sa pagsama ng Banal na Espiritu Santo ay malayang lumapit ang bawat isa sa Diyos na may handog na pasasalamat sa Kaniya.







*Sinasabi sa Kaniyang Salita na saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon sa Kaniyang Ngalan ay naroon Siya. Kaya naman ang kapatiran sa pananampalataya na pinagbuklod ng pag-ibig ng Diyos ay nagkakaisang naghahandog ng papuri at pagsamba sa Diyos na banal at dakila.*

***For who is greater, he who sits at the table, or he who serves? Is it not he who sits at the table? Yet I am among you as the One who serves.***

**Luke 22:27 (NKJV)**



# SEMINARS

Nagkaroon ng malalim na kaliwanagan sa isip ang lahat sa pamamagitan ng pagbabad sa Kaniyang Salita. Sa pangunguna ng ating mga pastor, kanilang itinuro ang mga paksa sa Bibliya bilang gabay sa kanilang paglakad kay Kristo.













*Ang Bibliya na naglalaman ng pangako ng Diyos ang tunay na sandigan at kalakasan ng bawat pamilyang nasa presensiya ng Diyos.*








# WORKSHOPS

Tampok sa ginanap na Family Camp ang iba't ibang gawain tulad ng mga workshop na layuning sanayin ang mga nagnanais magpagamit sa Diyos. Tunay na isang pribilehiyo sa kapatiran ang maging kaisa sa mga gawain ng panambahan.





*Matiyaga at buong pusong ibinahagi ng mga musikero ang kanilang kaalaman sa pagtugtog ng instrumento.*

| Matthew 4:4 (NKJV) | *But He answered and said, "It is written, 'Man shall not live by bread alone, but by every word that proceeds from the mouth of God.' "* |
|---|---|




Naging malaking bahagi ang mga naganap na workshop sa pagbubukas ng pagkakataon para sa pagkatuto ng mga miyembro. Kasama rito ang mga nagsasanay sa pagsasayaw na sumailalim sa pagkatuto ng mga *basic steps* para sa kanilang kasanayan.



*Isang pribilehiyo ang makapagsanay para sa pagluwalhati at pagpupuri Diyos.*








Itinuro ang wastong sining ng pag-awit sa mga nagnanais magamit ang talento sa pagpupuri at pagsamba. Sinanay ang kanilang mga boses sa pamamagitan ng pagsasanay at disiplina upang maibigay ang kanilang pinakamahusay na handog para sa Diyos.








Ang mga prinsipyong itinuturo sa mga nagsasanay sa *multimedia* ay nakaugat sa *mission at vision* ng organisasyon. Mula sa pagsulat at pagdidisenyo hanggang sa pagkuha ng mga larawan at bidyo, ang lahat ng ito ay isinasagawa para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo.

*Samu't saring abilidad sa pagkanta, pagsayaw at pag-aaral kumuha ng litrato at pagbibidyo ang naibahagi sa mga trainees.*

*For who is greater, he who sits at the table, or he who serves? Is it not he who sits at the table? Yet I am among you as the One who serves.*

**Luke 22:27 (NKJV)**




Isang makabuluhang *workshop* din ang isinagawa patungkol sa *Livelihood and Cooperative* kung saan tinalakay ang mga benepisyo sa paggamit ng mga *herbal plant*. Hinikayat ang bawat isa na magkaroon ng kaalaman na makakatulong sa kanilang kalusugan maski sa kanilang pangkabuhayan.



*Tinuruan din ang kapatiran na gumawa ng tsaa gamit ang herbal plant.*




*Sa inspirasiyon at kalakasang kaloob ng Diyos ay ibinahagi ng mga ministry leader ang puso ng pagsunod at paglilingkod sa Panginoon, mga pundasyon ng isang manggagawang nais magbigay luwalhati sa Kaniya.*



Ibinahagi ng *Ushering Department* ang mga tungkulin na ginagampanan ng mga *usher*. Kanilang binigyang diin ang pagkakaroon ng pusong naglilingkod sa Panginoon. Ito ay mahalaga sapagkat sa lahat ng gawain, ang Diyos ay nakatingin sa ating puso.

Pinangunahan naman ng *Kitchen Department* ang pagtuturo kung paano magluto ng masarap na ulam tulad ng laing. Nang may pusong naglilingkod, naisin nilang ang bawat miyembro at bisita ng panambahan ay laging busog at malusog.






*Nagbahagi rin sila ng mahahalagang paalala sa pagluluto at mga sangkap na kailangan para sa masarap na putahe.*

**Romans 8:30 (NKJV)**

*Moreover whom He predestined, these He also called; whom He called, these He also justified; and whom He justified, these He also glorified.*



# FELLOWSHIP

Masayang nagsalu-salo ang kapatiran habang inaalala ang mga mahahalagang natanim na Salita ng Diyos sa bawat isa. Kanila ring ibinahagi ang kanilang mga naging karanasan sa Panginoon.





*Tunay na dakila ang Diyos sa personal na pagkilos Niya sa buong kapatirang dumalo.*







*Sa mga simpleng salo-salo ay naibagahi ng kapatiran ang kanilang mga karanasan at mga natutunan na galing sa Panginoon. Matutunghayan ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa buhay ng bawat miyembro ng UCF.*










*Naranasan ng bawat isa ang panibagong kalakasan at pag-asang nagmumula lamang kay Hesus.*



*Sa pagsasama-sama ng kapatiran ay naisin nilang maitanghal ang Panginoong Diyos sa bawat patotoo na kanilang ibinabahagi.*

*But as many as received Him, to them He gave the right to become children of God, to those who believe in His name:*

**John 1:12 (NKJV)**




*Ang pag-ibig na nagmumula sa Diyos na naranasan ng Kaniyang mga anak ang kanila ring naisasabuhay at naibabahagi sa iba.*

# PHOTOBOOTH

Ang pagsasama-sama ng mga anak ng Diyos ay tunay na nagbibigay kagalakan sa puso ng bawat isa. Bakas sa kanilang mga ngiti ang pagmamahalan na mayroon sila para sa kapatiran. Sa bawat larawan ay alaala ng kanilang naging karanasan sa ginanap na Family Camp.












*Tunay na ang Diyos ay nagagalak din sa tuwing ang Kaniyang mga anak ay nagtitipon upang purihin at sambahin ang Kaniyang Ngalan.*




*Ang bawat isa ay bahagi ng malaking plano ng Diyos para sa Kaniyang ministeryo kaya naman buong pusong susunod sa Kaniya ang bawat isa.*

**1 Peter 4:13 (NKJV)**

***As each one has received a gift, minister it to one another, as good stewards of the manifold grace of God.***





# UCF COVENANT CUP, SINIMULAN NA SA CASILE



*Kapanapanabik na pagsisimula ng Covenant Cup sa Casile ang natunghayan ng bawat kupunan ng basketball at volleyball.*

Matapos ang ilang linggong paghihintay ay naganap na nga ang *opening ceremony* ng UCF Covenant Cup 2026 noong Abril 11, Sabado, hudyat ng pagsisimula ng palaro ng *basketball* at *volleyball* na nilahukan ng mga ulirang ina, magiginting na tatay at kabataan ng Brgy. Casile.

Nahahati sa tatlong (3) kategorya ang palaro: Super Daddy, Super Junior at Spikers na mayroong tig-anim na grupo. Tinataya na tatagal ang liga sa buong buwan ng Abril dahil sa bilang ng mga sumali na gaganapin tuwing hapon at gabi.

Nagbigay naman ng mensahe si UCF Head Pastor Rev. Dr. William Sy para sa mga manlalaro kung saan ibinahagi niya ang pagsisimula ng basketball noon kung saan ang unang nagtatag nito ay isang *physical education teacher* at *Christian chaplain*. Ang gawaing ito ay oportunidad upang maihayag ang Salita ng Diyos at maakay sila sa paanan Niya. Purihin ang Diyos sa patuloy na pagsama Niya sa UCF!

## ASSEMBLY & PARADE

Nagtipon sa *covered court* ng Brgy. Casile ang lahat ng manlalaro. Kasama rin ang ilang miyembro at manggagawa ng UCF na nagbigay suporta sa gawain. Matapos nito ay isinagawa ang parada na pinangunahan ng UCF *marching band*.

















*Suot ang kanilang makukulay na uniporme at bitbit ang kanilang mga team banner, masayang pumarada ang mga manlalaro ng Covenant Cup kasama ang UCF Marching Band at mga manggagawa ng panambahan.*

*And it shall come to pass That whoever calls on the name of the Lord Shall be saved.'*

**Acts 2:21 (NKJV)**

## OPENING CEREMONY

Sinimulan ang gawain sa isang panalangin at sinundan ng pagbibigay ng makabuluhang mensahe ni UCF Head Pastor Rev. William Sy. Masinop naman na ipinaliwanag ang mga alituntunin na dapat sundin ng bawat manlalaro. At sa huli, opisyal na idineklara ni Barangay Captain Orlando De Sagun ang pagsisimula ng UCF Covenant Cup 2026.









*Nanumpa rin ang lahat ng manlalaro na kanilang paiigtingin ang pagkakaisa at pagkakaibigan sa buong liga higit sa anomang panalo.*

## FIRST SET OF GAME

Ginanap ang unang set ng palaro para sa bawat kategorya sa unang araw ng liga na pinanuod at sinuportahan ng kanilang mga pamilya kahit sa pagsapit ng gabi.








*Nagpakitang gilas ang kababaihan sa larong volleyball at hindi nagpahuli sa pagpapakita ng kanilang angking galing at pagkakaisa.*







*Ang mga lalaking kabataan at mga tatay ay buong lakas na nakipagtunggali sa larong basketball at hindi alintana ang anomang pagod.*

Matthew 5:8 (NKJV)

*Blessed are the pure in heart, For they shall see God.*



WORKERS' TRAINING

# PAGPAPAHAYAG NG KATOTOHANAN



Bilang parte ng katawan ni Kristo, naisin ng bawat isa na maging kasangkapan sa malawak na ministeryo ng Panginoon. Kaakibat ng paglilingkod sa Diyos ay ang lalo pang paglalim sa Kaniyang Salita.

Nagtipon-tipon ang mga manggagawa ng panambahan sa *Workers' Training* noong Abril 11, Sabado, sa UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center. Sa gabay nina Rev. Dr. William Sy at Rev. Dr. James Sy, kanilang ibinahagi ang mga importanteng paksa patungkol sa paglilingkod sa Diyos.

Purihin ang Diyos sa pagtawag Niya sa bawat isa at sa pribilehiyong maglingkod sa Kaniya!













*Naging oportunidad din ito upang ang mga katanungan ng mga dumalo ay mabigyang linaw.*




*TVET Focal Trainer and Assessor Rev. Ryan Christian Tabay also conducted the competency assessment of eight (8) Broadband Installation NC II students.*

UCACOA UPDATE

# UCACOA HOLDS COMPETENCY ASSESSMENT

UCA College of Asia continues to provide access for students to become job-ready, holding the competency assessment of the Joint Delivery Voucher Program (JDVP) students last April 7-8, 2026.

A total of 17 JDVP students who initially took Computer Systems Servicing NC II successfully passed their competency assessment conducted by TESDA Assessors Mr. William Javier and Mr. Elpidio Menguito, Jr. More batches of JDVP completers are set to undergo the rigorous assessment in the coming days.

Praise the Lord for using UCACOA to train students to become effective citizens of our society!

***If anyone speaks, let him speak as the oracles of God. If anyone ministers, let him do it as with the ability which God supplies, that in all things God may be glorified through Jesus Christ, to whom belong the glory and the dominion forever and ever. Amen***

**1 Peter 4:11 (NKJV)**

# Faith and Hope...

*>> from page 1*

**John 14:16-17**
16And I will pray the Father, and He will give you another Helper, that He may abide with you forever— 17the Spirit of truth, whom the world cannot receive, because it neither sees Him nor knows Him; but you know Him, for He dwells with you and will be in you.

**C. Jesus is the (only) Life.**
Jesus also said, "I am the life." Again, He doesn't say, "I can tell you how to have life," but rather, "I am the life."

**John 5:26-27**
26For as the Father has life in Himself, so He has granted the Son to have life in Himself, 27and has given Him authority to execute judgment also, because He is the Son of Man.

- The Bread of Life

**John 6:35**
And Jesus said to them, "I am the bread of life. He who comes to Me shall never hunger, and he who believes in Me shall never thirst.

He satisfies our hunger and thirst.

- The Good Shepherd

**John 10:11, 14**
11"I am the good shepherd. The good shepherd gives His life for the sheep.
14I am the good shepherd; and I know My sheep, and am known by My own.

- The Resurrection and the Life

**John 11:25**
Jesus said to her, "I am the resurrection and the life. He who believes in Me, though he may die, he shall live.

He gives eternal spiritual life and eternal physical life in a new body after death.

**Acts 4:12**
Nor is there salvation in any other, for there is no other name under heaven given among men by which we must be saved."

**John 17:1-3**
1Jesus spoke these words, lifted up His eyes to heaven, and said: "Father, the hour has come. Glorify Your Son, that Your Son also may glorify You, 2as You have given Him authority over all flesh, that He should give eternal life to as many as You have given Him. 3And this is eternal life, that they may know You, the only true God, and Jesus Christ whom You have sent.

**Conclusion**

**Jesus is the way** – We now have access to the Father through Him.
**Jesus is the truth** – We now have security over uncertainty and the lies of this world.
**Jesus is the life** – Trusting in Him gives assurance of eternal life.

**Psalm 43:5**
Why are you cast down, O my soul? And why are you disquieted within me? Hope in God; For I shall yet praise Him, The help of my countenance and my God.

## SERMON NOTES

*Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.*

### MULTIMEDIA CONTRIBUTORS

*The following has contributed pictures, videos, and write-ups during the UCF Family Camp 2026.*

Bro. Dave Matthew Andal
Sis. Rina Ani
Sis. Ivy Cabus
Sis. Mary Nicole Clemente
Bro. Joaquin De Jesus
Bro. Jesse De Jesus
Bro. Gio Lester Francisco
Sis. Chrysantha Iniego
Bro. Andre Jamena
Sis. Beverly Jasareno
Sis. Mariel Porquiado
Sis. Lara Minerva Rebullar

### SHARE HIS WORD



### CONTACT US

Tel. No. 8-429-8325 (PLDT)
7-954-7527 (Globe)

### FOLLOW US

Facebook @UCFOfficial
Instagram @UCF_Official
Twitter @UCFOfficial1
YouTube @UCFOfficial

### VISIT US

**UCF SANCTUARY**
17 Highlight St., Area 4, Fourth Estate Subd., Parañaque City

**UCF MT. TABOR CHURCH**
Purok 1, Brgy. Casile, Cabuyao, Laguna

### WEEKLY SCHEDULE

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
9:00 AM (Parañaque)

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
3:00 PM (Cabuyao, Laguna)

**HOUSE OF PRAYER**
8:00 AM - 5:00 PM

**HOME BIBLE CHURCH & STUDY**
Wednesday - Friday
Laguna and Cavite Areas

Scan these QR codes to listen and to watch the songs from

**UCF Gospel Music.**

Facebook    YouTube